

Pangalan: Basher P. Abdullah

Level 1 – Batch 2

Paksa ng Khutbah: Ang Pagkatakot kay Allah

Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro

Petsa: Hunyo 30, 2024

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الْحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنُسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يَضِلَّ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

Tunay na ang lahat ng papuri ay para lamang kay Allah, atin siyang pinupuri at pinasasalamatan; sa Kanya tayo humihingi ng ating mga pangangailangan at sa Kanya tayo humihingi ng kapatawaran sa ating mga kasalanan. Sinuman ang gabayan ni Allah ay walang makapagliligaw sa kanya at sinuman ang hindi Niya bigyan ng gabay ay hindi ito makasusumpong ng gabay maliban lamang sa gabay ng pananampalatayang Islam. Ako ay sumasaksi na walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban lamang kay Allah – ang Nag-iisang Diyos at walang katambal, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang alipin at huling sugo na ipinadala para sa sangkatauhan. Sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah gayundin sa kanyang mga kasamahan at sa lahat ng tumatahak sa kanyang patnubay hanggang sa pagsapit ng Araw ng Paghuhukom.

Mga alipin ni Allah, ang pagkatakot kay Allah ay mariin Niyang ipinag-utos sa bawat mananampalataya. Binanggit ni Allah sa napakaraming Ayah mula sa Qur-an ang pag-uutos na ito hinggil sa pagkakaroon ng ‘taqwa’ o pagkatakot sa Kanya. Siya ay nagsabi:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنْتُمْ مُسْلِمُونَ﴾ سورة آل عمران: 102
“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.” (Surah Alo Imran: 102)

Siya rin ay nagsabi:

﴿يَا أَيُّهَا النَّاسُ اتَّقُوا رَبَّكُمُ الَّذِي خَلَقَكُمْ مِنْ نَفْسٍ وَاحِدَةٍ وَخَلَقَ مِنْهَا زَوْجَهَا وَبَثَّ مِنْهُمَا رِجَالًا كَثِيرًا وَنِسَاءً ۚ وَاتَّقُوا اللَّهَ الَّذِي تَسَاءَلُونَ بِهِ وَالْأَرْحَامَ ۚ إِنَّ اللَّهَ كَانَ عَلَيْكُمْ رَقِيبًا﴾ سورة النساء: 1

“O sangkatauhan! Matakot kayo sa inyong Panginoon na lumikha sa inyo mula sa iisang tao, at mula sa taong ito ay nilikha Niya ang kanyang kapariha at mula sa kanilang dalawa ay nilalang ni Allah ang maraming kalalakihan at kababaihan. Matakot kayo kay Allah at huwag ninyong puputulin ang mabuting ugnayan sa inyong mga pamilya at kamag-anak. Tunay na si Allah ay palagiang nakamasid sa inyo.” (Surah An-Nisa: 1)

Siya rin ay nagsabi:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ وَقُولُوا قَوْلًا سَدِيدًا (70) يُصْلِحْ لَكُمْ أَعْمَالَكُمْ وَيَغْفِرْ لَكُمْ ذُنُوبَكُمْ ۗ وَمَنْ يُطِيعِ اللَّهَ وَرَسُولَهُ فَقَدْ فَازَ فَوْزًا عَظِيمًا (71)﴾ سورة الأحزاب: 70-71

“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah at magsalita kayo ng matuwid. Isasaayos Niya para sa inyo ang inyong mga gawa at patatawarin kayo sa inyong mga kasalanan. At sinuman ang sumunod kay Allah at sa Kanyang sugo ay tiyak na nakamit niya ang isang dakilang tagumpay.” (Surah Al-Ahzab: 70-71)

Sa pamamagitan ng pagkatakot kay Allah at pagsasalita ng kabutihan at katotohanan ay pagyayamanin ni Allah ang ating mga gawa, mga pagsamba, at ipapatawad sa atin ang ating mga kasalanan. At ang sinumang sumunod kay Allah at sa Kanyang sugo ay bibigyan ni Allah ng dakilang tagumpay dito sa Mundo at sa kabilang-buhay, sapagkat ang pagsunod kay Allah at sa Kanyang sugo ay Taqwa o pagkatakot kay Allah.

Mga magulang at mga kapatid sa pananampalatayang Islam, hindi lingid sa ating kaalaman ang katotohanan na sa panahon natin ngayon, nasasaksihan natin ang paglipana ng mga kaganapan sa ating paligid na nagpapahiwatig ng mga tanda na papalapit na sa atin ang pagdating ng Araw ng Paghuhukom. Nang dahil sa mga naglipanang fitnah na ito sa ating paligid, ang kailangan ng isang mananampalataya ay ang pagkakaroon ng tunay na pagkatakot kay Allah na magpapatatag sa kanyang Eeman at paghawak sa relihiyong Islam. Binanggit ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

يَتَقَارَبُ الزَّمَانُ، وَيَنْقُصُ الْعَمَلُ، وَيُلْقَى الشُّحُّ، وَتَظْهَرُ الْفِتْنُ، وَيَكْثُرُ الْهَرْجُ. قَالُوا يَا رَسُولَ اللَّهِ أَيُّهُمَا هُوَ؟ قَالَ: الْقَتْلُ الْقَتْلُ. (أخرجه البخاري ومسلم)

“Ang oras ay mabilis na lilipas, ang mga mabubuting gawa ay nababawasan (o bumababa) ang kalidad, ang kasakiman (o pagkamakasari) ay itatapon (sa puso ng mga tao), ang mga paghihirap ay lilitaw at magkakaroon ng maraming 'Al-Harj." Sila ay nagsabi, "O sugo ni Allah! Ano ang "Al-Harj?" Siya ay nagsabi, "Pagpatay! Pagpatay!" (Inulat nina Al-Bukhari at Muslim)

Mga alipin ni Allah, tunay na umiikli na ang oras, bumibilis ang paglipas ng panahon, at bumababa ang kalidad ng ating mga mabubuting gawa. Sa kasalukuyang panahon, higit na pinahahalagahan ng marami sa mga tao ang mga materyal na bagay sa Mundo, sila ay nagiging sakim sa mga bagay na ipinagkakaloob sa kanila ni Allah, habang ang kanilang mga gawa ay puro pagpapakitang-tao lamang. Nasasaksihan natin ang napakaraming fitnah na dulot ng social media na kung saan ang paggawa ng kasalanan ay lantaran. Nawawalan na ng hiya ang ilan sa ating mga kababaihan sa paglantad ng kanilang katawan. Habang ang ilan naman sa ating mga kalalakihan ay pinupuri ang mga kasalanang ito. Mas pinahahalagahan nila ang Mundo na ito kaysa sa kabilang-buhay. Hindi ba sila natatakot kay Allah? Matakot kay Allah at magbalik-loob sa Kanya!

Dumarami na rin ang patayan sa ating mga lipunan nang dahil sa pangingibabaw ng kasakiman sa puso ng marami kaysa sa TAQWA o pagkatakot kay Allah. Ang Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi,

النَّفْوَى هَاهُنَا – وَيُشِيرُ إِلَى صَدْرِهِ ثَلَاثَ مَرَّاتٍ – بِحَسْبِ امْرِئٍ مِنَ الشَّرِّ أَنْ يَحْقِرَ أَخَاهُ الْمُسْلِمَ، كُلُّ الْمُسْلِمٍ عَلَى الْمُسْلِمِ حَرَامٌ: دَمُهُ وَمَالُهُ وَعِرْضُهُ. (رواه مسلم)

“Ang takot (kay Allah) ay naririto – at itinuturo ang kanyang dibdib nang tatlong beses – sapat na kasamaan ng tao na maliitin ang kanyang kapatid na Muslim, ang lahat ng Muslim sa Muslim ay haram: ang kanyang dugo, ang kanyang ari-arian, at ang kanyang dangal.” (Inulat ni Muslim)

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللَّهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ الْمُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الْعَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِينُ، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللَّهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ، وَبَعْدُ:

عِبَادَ اللَّهِ، إِنَّ اللَّهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي الْعَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ الْعَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدَيْنَا وَلِعَلَمَانِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الْخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَجَمِيعِ مَوْتَى الْمُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالْوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الْحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ الْمَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انصُرِ الْإِسْلَامَ وَالْمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالْمُشْرِكِينَ وَالْمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الْآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللَّهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ.

عِبَادَ اللَّهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَى وَيَنْهَى عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنْكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَادْكُرُوا اللَّهَ الْعَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوا عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللَّهِ أَكْبَرُ، وَاللَّهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.
